# COUNTY NG SOLANO

# Mental Health Plan (MHP)

# Handbook ng Benepisyaryo

## Mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health

**2101 Courage Dr**

**Fairfield, CA 94533**

Petsa ng Paglathala: 2022[1]

[1]Dapat ibigay ang handbook sa oras na nagkaroon ng access sa mega serbisyo ang benepisyaryo.

Send with all notices

# LANGUAGE ASSISTANCE

**English**

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922).

ATTENTION: Auxiliary aids and services, including but not limited to large print documents and alternative formats, are available to you free of charge upon request. Call 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922).

**Español (Spanish)**

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922).

**Tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922).

**Tagalog (Tagalog – Filipino)**

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922).

**한국어 (Korean)**

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922)번으로 전화해 주십시오.

**繁體中文(Chinese)**

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922)。

Send with all notices

**Հայերեն (Armenian)**
ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարեք 800-547-0495 (TTY (հեռատիպ)՝ 800-735-2922 ):

**Русский (Russian)**
ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 800-547-0495 (телетайп: 800-735-2922 ).

**فارسی (Farsi)**
**توجه**: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با ( 800-735-2922 :TTY) 800-547-0495 تماس بگیرید.

**日本語 (Japanese)**
注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ) まで、お電話にてご連絡ください。

**Hmoob (Hmong)**
LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ).

**ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)**
ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

**العربية (Arabic)**
ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 800-547-0495 (رقم هاتف الصم والبكم: 800-735-2922).

**हिंदी (Hindi)**
ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ) पर कॉल करें।

**ภาษาไทย (Thai)**
เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ).

**ខ្មែរ (Cambodian)**

ប្រយ័ត្ន៖ ររ សើ ិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែ , រសវាជំនួយមននកភាសា រោយមិនគិត្ួ ួន
គឺអាចមានសំរា ់ ំររ អ្ើ នក។ ចូ ទូ ស័ព្ទ 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 )។

**ພາສາລາວ (Lao)**

ໂປດຊາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ, ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ,
ໂດຍບໍ່ເສັຽຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ໂທຣ 800-547-0495 (TTY: 800-735-2922 ).

**NILALAMAN**


| | |
|---|---|
| IBA PANG WIKA AT FORMAT ........................................................................................................ | 3 |
| PANGKALAHATANG IMPORMASYON........................................................................................ | 4 |
| IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM ................................................................ | 7 |
| PAANO MALALAMAN KUNG IKAW O ANG IYONG KAKILALA AY NANGANGAILANGAN NG TULONG..... | 12 |
| PAG-ACCESS SA MGA ESPESYAL NA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP ...................................... | 15 |
| PAGPILI NG PROVIDER ............................................................................................................... | 23 |
| SAKLAW NG MGA SERBISYO ......................................................................................................... | 25 |
| MGA PAGPAPASIYA NG SALUNGAT SA BENEPISYO NG IYONG MENTAL HEALTH PLAN ......................... | 33 |
| PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA: PAGHAHAIN NG REKLAMO O APELA .................................... | 36 |
| ANG PROSESO NG REKLAMO .......................................................................................................... | 38 |
| ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS) ........................................................................ | 40 |
| ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG SA ESTADO ........................................................... | 45 |
| PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE)........................................................................... | 48 |
| MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG BENEPISYARYO.............................................................. | 50 |
| PAUNAWA SA WALANG DISKRIMINASYON ........................................................................... | 54 |

## IBA PANG MGA WIKA AT FORMAT

### Iba Pang Mga Wika

Libre mong makukuha sa ibang wika ang Handbook ng Benepisyaryo (handbook) na ito at ang iba pang mga materyal. Tumawag sa County ng Solano Mental Health Plan (Solano MHP). Libre ang pagtawag sa telepono.

### Iba Pang Mga Format

Libre mong makukuha ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng Braille, naka-imprenta sa titik na 18-point ang laki, o audio. Tumawag sa Solano MHP. Libre ang pagtawag sa telepono.

### Mga Serbisyo ng Interpreter

Hindi mo kailangang gumamit ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Available ang libreng mga serbisyo ng interpreter, linguistic, at kultural 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Para makakuha ng kopya ng handbook na ito sa ibang wika o para makakuha ng interpreter, linguistic, at kultural na tulong, tumawag sa Solano MHP. Libre ang pagtawag sa telepono.

# PANGKALAHATANG IMPORMASYON

## Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito?

Maligayang pagdating sa Mental Health Plan ng Solano County. Kabilang sa plano ng serbisyo ng Solano ang lahat ng lungsod sa mga hangganan ng Solano County, na may buong saklaw na serbisyo na mga klinika sa kalusugan ng pag-uugali sa Fairfield sa gitnang rehiyon, Vallejo sa katimugang rehiyon, at Vacaville sa hilagang rehiyon. Nagbibigay din ang Solano County ng mga serbisyo sa mga rural na lugar ng county sa pamamagitan ng personal at telehealth na paghahatid ng serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng handbook na ito kung paano makakakuha ng mga espesyal na serbisyo sa mental health ng Medi-Cal sa pamamagitan ng mental health plan ng county mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang mga benepisyo mo at kung paano makakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang karamihan sa mga tanong mo.

Matututuhan mo kung:

- Paano i-access ang espesyalidad na mga serbisyo sa mental health
- Anong mga benepisyo ang may access ka
- Ano ang gagawin kung may tanong o problema ka
- Ano ang mga karapatan at responsibilidad mo bilang benepisyaryo ng Medi-Cal

Kung hindi mo mababasa ang handbook na ito ngayon, dapat mong itabi ito para basahin sa susunod na may panahon ka. Ang handbook na ito at iba pang nakasulat na materyal ay makukuha sa elektronikong paraan sa http://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services.asp o naka-printa mula sa mental health plan, nang libre. Tumawag sa mental health plan mo kung nais mo ng naka-imprentang kopya.

Gamitin ang handbook na ito bilang dagdag sa impormasyong natanggap mo noong nag-enroll ka sa Medi-Cal.

Kung nagsasalita ka ng iba pang wika maliban sa Ingles, mayroon kang magagamit na libreng serbisyo ng pasalitang interpreter. Available ang mental health plan mo ng 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo.

Maaari mo ring kontakin ang iyong mental health plan sa 1-800-547-0495 kung gusto mo ng kopya ng mga alternatibong format ng handbook na ito o iba pang nakasulat na materyal, gaya ng naka-imprenta sa malalaking titik, Braille, o audio. Tutulungan ka ng mental health plan mo.

Kung gusto mo ng kopya ng handbook na ito o iba pang nakasulat na materyal sa ibang wika maliban sa Ingles, tumawag sa mental health plan mo. Tutulungan ka ng mental health plan mo sa iyong wika sa telepono.

Available ang impormasyong ito sa mga wika na nakalista sa ibaba.

- Ingles
- Espanyol
- Tagalog

**Ano ang Responsibilidad ng Mental Health Plan Ko?**

Responsibilidad ng mental health plan mo ang mga sumusunod:

- Pagtukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para i-access ang mga espesyal na serbisyo sa mental health mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pagbibigay ng assessment para matukoy kung kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa mental health.
- Pagbibigay ng libreng numero ng telepono na may sumasagot 24 oras kada araw at 7 araw kada linggo, na magsasabi sa iyo kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa mental health plan. Solano MHP - (800) 547-0495
- Pagkakaroon ng sapat na dami ng provider na malapit sa iyo para siguraduhing makukuha mo ang mga serbisyo sa paggamot sa mental health na sakop ng mental health plan kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo tungkol sa mga serbisyong available mula sa mental health plan mo.

- Libreng pagbibigay ng mga serbisyo sa wika mo o sa pamamagitan ng interpreter (kung kailangan) at pagbibigay-alam na available ang mga serbisyo ng interpreter na ito.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang available na mga wika o alternatibong format gaya ng Braille o naka-imprenta sa malaking titik. Ang Solano MHP ay makapag-bibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon na nakasulat sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at sa mga alternatibong formats, gaya ng naka-imprenta sa malalaking titik at audio na bersyon.
- Pagbibigay sa iyon ng abiso ng anumang mahalagang pagbabago na tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng bisa ng pagbabago. Itinuturing na mahalaga ang pagbabago kung mayroong pagtaas o pagbaba ng mga available na serbisyo, o kung may pagtaas o pagbaba ng bilang nga mga provider sa network, o kung mayroong iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo sa pamamagitan ng mental health plan.
- Pag-uugnay ng pangangalaga mo sa ibang plano o mga sistema ng paghatid kung kailangan para mapadali ang paglilipat ng pangangalaga at magabayan ang mga referral para sa mga benepisyaryo, na tinitiyak na hindi magpabalik-balik ang referral, at tinatanggap ng bagong provider ang pangangalaga ng benepisyaryo.

## IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM

### Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Maraming mga factor ang isinasaalang-alang para sa pagpapasya kung anong uri ng health plan ang maaari mong tanggapin mula sa Medi-Cal. Kasama ang:

- Magkano ang kinikita mo
- Ang edad mo
- Ang edad ng mga batang inaalagaan mo
- Kung buntis ka, bulag, o may kapansanan
- Kung nasa Medicare ka

Dapat rin na nakatira ka sa California para maging kwalipikado sa Medi-Cal. Kung sa tingin mo ay kwalipikado ka sa Medi-Cal, alamin sa ibaba kung paano mag-apply.

### Paano Ako Magkakapag-apply para sa Medi-Cal?

Maaari kang mag-apply para sa Medi-Cal anumang panahon ng taon. Makakapili ka ng isa sa mga paraan ng pag-a-apply. Makikita ang mga address at linya ng ugnayan para sa bawat opsyon sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx.

- Sa Koreo**:** Mag-apply sa Medi-Cal gamit ang Single Streamlined Application, na nasa Ingles at iba pang wika sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi- cal/eligibility/Pages/SingleStreamApps.aspx. Magpadala ng mga nakumpletong aplikasyon sa iyong lokal na tanggapan ng county:

  - Opisina sa Fairfield: 275 Beck Ave., Fairfield CA 94533
  - Opisina sa Vacaville: 1119 E. Monte Vista Ave., Vacaville CA 95688
  - Opisina sa Vallejo: 355 Tuolumne St., Vallejo CA 94590

- Sa Telepono**:** Para mag-apply sa telepono, tumawag sa lokal na tanggapan ng county mo sa:

  - Opisina sa Fairfield: telepono (707) 784-8051; fax (707) 421-4748

- Opisina sa Vacaville: telepono (707) 469-4500; fax (707) 469-4503
- Opisina sa Vallejo: teleponon (707) 553-5858; fax (707) 553-5408

- Personal: Para mag-apply nang personal, hanapin ang address ng lokal na tanggapan ng county sa listahan sa ibaba. Makakakuha ka dito ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon mo. Kung nakatira ka sa ibang county, maaari ka ring kumonsulta sa website link sa itaas.

  - Opisina sa Fairfield: 275 Beck Ave., Fairfield CA 94533
    Opisina sa Vacaville: 1119 E. Monte Vista Ave., Vacaville CA 95688
  - Opisina sa Vallejo: 355 Tuolumne St., Vallejo CA 94590

- Online: Mag-apply sa online sa www.benefitscal.com or www.coveredca.com. Ang mga aplikasyon ay ligtas na inilipat nang direkta sa opisina ng mga serbisyo sa iyong lokal na county dahil ang Medi-Cal ay ibinibigay sa antas ng county sa mga address na nakalista sa itaas

Kung kailangan mo ng tulong mag-apply, o may mga tanong ka, maaari kang makipag-ugnayan nang libre sa sinanay na Certified Enrollment Counselor (CEC). Tumawag sa **1-800-300-1506**, o maghanap ng lokal na CEC sa https://apply.coveredca.com/hix/broker/search.

Kung may mga tanong ka pa tungkol sa Medi-Cal program, may karagdagang impormasyon sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/Steps-to-Medi-Cal.aspx.

**Ano ang mga Serbisyong Pang-emergency?**

Ang mga serbisyong pang-emergency ay mga serbisyo para sa mga benepisyaryong nakakaranas ng hindi inaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang isang psychiatric na emergency na kondisyong medikal. Ang isang emergency na kondisyong medikal ay may malulubhang mga sintomas (maaaring kasama ang matinding pananakit) na maaaring asahan ng karaniwang tao na mangyayari ang mga sumusunod anumang oras:

- Manganib ang kalusugan ng indibidwal (o ang kalusugan ng hindi pa ipinapanganak na sanggol)
- Malubhang (mga) problema sa mga function ng katawan
- Malubhang (mga) problema sa alinmang organ o bahagi ng katawan

Nangyayari ang isang psychiatric na emergency na kondisyong medikal kapag sa tingin ng isang karaniwang tao na ang isang tao ay:

- Kasalukuyang mapanganib sa kanyang sarili o sa iba dahil sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Biglaang hindi makapagbigay o makakain ng pagkain, o makagamit ng damit o tirahan dahil sa tila isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.

Ang mga serbisyong pang-emergency ay sakop 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Hindi kailangan ng paunang pahintulot ang mga serbisyong pang-emergency. Sakop ng Medi-Cal ang mga emergency na kondisyon, ito man ay dahil sa medikal na kondisyon o kondisyon ng pag-iisip (emosyonal o mental). Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal, hindi ka sisingilin dahil sa pagpunta sa emergency room, kahit na hindi pala ito isang emergency. Kung sa tingin mo ay mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o magpunta sa alinmang ospital o iba pang lokasyon ng paggamot para sa tulong.

**May Magagamit bang Transportasyon?**

Maaaring magbigay ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon at hindi pangmedikal na transportasyon para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na walang transportasyon at may medikal na pangangailangan na makatanggap ng partikular na mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong sa transportasyon, makipag-ugnayan sa managed care plan mo para sa impormasyon at tulong.

Kung mayroon kang Medi-Cal pero hindi naka-enroll sa isang managed care plan, at kailangan mo ng hindi pangmedikal na transportasyon, maaari kang makipag-unayan sa mental health plan ng county mo para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng appointment mo. Kung kailangan mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon, maaaring mag-atas ang provider mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon at iugnay ka sa provider mo ng transportasyon para isaayos ang masasakyan mo papunta at pauwi mula sa (mga) appointment mo.

**Sino Ang Maaari Kong Kontakin Kung Naiisip Ko Ang Pagpapakamatay?**

Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay nasa krisis, mangyaring tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o **1-800-273-TALK (8255)**.

Para sa mga lokal na residenteng naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang lokal na mga programa sa mental health, mangyaring tumawag sa 1-707-428-1131.

**Karagdagang Partikular na Impormasyon sa Mental Health Plan**

Para sa mga lokal na residenteng naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang local na programa ng mental health, mangyaring tumawag sa:

- **Solano Crisis Stabilization Unit**: 24/7 na Serbisyong Pang-krisis na matatagpuan sa 2101 Courage Drive, Fairfield. Ito ay isang 12-kama na yunit kung saan ang mga indibidwal na nakakaranas ng krisis ay maaring magpunta upang mai-stabilize nang hanggang 20 oras o masuri para sa inpatient na psychiatric na pangangalaga
    - Pangunahing numero: (707) 428-1131
- **National Suicide Prevention hotline**: 24/7 na pagpigil sa pagpapakamatay na hotline ng telepono upang magbigay ng payo, suporta at mga mapagkukunan.
    - Pangunahing umero: (800) 273-TALK (8255)
    - Nagsasalita ng Espanyol: (888) 628-9454
    - Mga Beterano: (800) 273-TALK (8255) pindutin and 1 para sa mga beterano
    - Bingi o Mahina ang Pandinig: (800)-799-4889
    - Mga Matatanda: (800) 971-0016
- **Crisis Text Line**: 24/7 na texting na serbisyo sa krisis para sa pagpigil sa pagpapakamatay na may tauhan na mga espesyalista sa krisis
    - **The Trevor Project**: Interbensyon na pang-krisis at pagpigil sa pagpapakamatay para sa mga Lesbiyana, Bakla, Bi-Sexual, Transgender, at Questioning (LGBTQ) na mga kabataan eded 25 pababa.**Trevor Lifeline**: (866) 488-7386 maaring tawagan 24/7/365
    - **TrevorText Line**: I-text **START** sa 678678 Lunes-Biyernes 12pm-7pm
- **The Trans Lifeline**: Suporta sa kasamahan na pang-krisis at pagpigil sa pagpapakamatay na hotline para sa trans na komunidad na maaaring tawagan 7am-1am
    - Pangunahing numero: (877) 565-8860
- **Teen Line**: Suporta sa kasamahan para sa mga kabataan
    - **Linya ng Telepono**: (310) 855-HOPE o (800) TLC-TEEN

    - **Linya ng Text**: I-text “Teen” sa 839863
- **Full-Service Partnership (FSP) Warmline**: Ang mga benepisyaryo na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa isa sa mga FSP na programa ng Solano ay makakatanggap ng numero ng telepono para sa warmline ng partikular na programa ng FSP.

**PAANO MALALAMAN KUNG IKAW O ANG KAKILALA MO AY NANGANGAILANGAN NG TULONG**

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?**

Maraming tao ang nahihirapan sa buhay at maaaring nakakaranas ng mga problema sa mental health. Importanteng maalala na may available na tulong. Kung ikaw o ang miyembro ng pamilya mo ay kwalipikado sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo ng mental health, dapat kang tumawag sa access line ng mental health plan mo sa 1-800-547-0495. Tutulungan ka rin ng managed care plan mo na kontakin ang mental health plan mo kung sa tingin nila ay nangangailangan ka o ang isang miyembro ng pamilya mo ng mga serbisyo sa mental health na hindi sakop ng managed care plan. Tutulungan ka ng mental health plan na maghanap ng provider para sa mga serbisyong kailangan mo.

Dapat mong tawagan ang mental health plan mo kung ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay may isa o higit pa sa mga sumusunod na palatandaan:

- May depresyon (o nakakaramdam ng kawalan ng pag-asa, walang magawa, o mabigat ang pakiramdam) o parang ayaw nang mabuhay
- Kawalan ng interes sa mga aktibidad na karaniwang gusto mong gawin
- Malaking pagbaba o pagtaas ng timbang sa loob ng maikling panahon
- Sobra o kulang na pagtulog
- Mabagal o labis na pisikal na paggalaw
- Nakakaramdam ng pagod halos araw-araw
- Pakiramdam ng kawalang-halaga o labis na pagkakonsensya
- Nahihirapang mag-isip, magpokus, at/o magpasya
- Nabawasang pangangailangan sa tulog (pakiramdam na ‘nakapagpahinga’ na pagkatapos lamang ng ilang oras na tulog)
- Masyadong mabilis na pag-iisip na hindi masundan
- Masyadong mabilis na pagsasalita o hindi makahinto sa pagsasalita
- Pakiramdam na ang ibang mga tao ay sadyang nakatuon sa iyo upang magdulot ng problema
- Nakakarinig ng mga boses at/o mga tunog na hindi naririnig ng iba
- Nakakakita ng mga bagay na hindi nakikita ng iba
- Hindi makapasok sa trabaho o klase dahil sa depresyon (o nakakaramdam ng kawalan ng pag-asa, walang magawa, o mabigat ang pakiramdam)
- Mahabang panahon na walang pakialam sa personal na kalinisan (pagiging malinis)

- Nahihirapan sa pag-unawa o pakikipag-ugnayan sa mga tao
- Pag-iwas sa ibang tao
- Madalas na pag-iyak nang walang dahilan
- Madalas na pagkagalit at 'pagsiklab' ng galit nang walang dahilan
- Pagkakaroon ng matinding pagbabago ng kalooban
- Nakakaramdam ng pagkabalisa o madalas pag-aalala
- Ang pagkakaroon ng tinatawag ng iba na kakaibang pag-uugali na labas sa kultural na pamantayan ng indibidwal

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Tulong ng Isang Bata o Teenager?**

Maaari mong kontakin ang access line ng mental health plan mo sa 1-800-547-0495 o managed care plan mo para sa screening at assessment para sa anak o teenager mo kung sa tingin mo ay mayroon siya ng alinman sa mga sumusunod na palatandaan ng problema sa mental health. Kung kwalipikado ang anak o teenager mo sa Medi-Cal at tinukoy ng assessment ng mental health plan ng county na kailangan ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, aayusin ng mental health plan ang mga serbisyo na matanggap ng anak o teenager mo. Tutulungan ka rin ng managed care plan mo na makipag-ugnayan sa mental health plan mo kung sa tingin nila ay kailangan ng anak o teenager mo ang mga mga serbisyo sa mental health na hindi saklaw ng managed care plan. Mayroon ding mga serbisyo para sa mga magulang na nahihirapan sa pagiging magulang o may mga problema sa mental health.

Makakatulong ang sumusunod na checklist para masuri mo kung kailangan ng tulong ng anak mo, gaya ng mga serbisyo ng mental health. Kung mayroong higit sa isang palatandaan na nanatili sa mahabang panahon, maaaring nangangahulugan ito ng mas malubhang problema na kailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang senyales na dapat bantayan:

- Lubos na nahihirapang mag-focus o pumirme, na naglalagay sa kanila sa panganib o nagiging sanhi ng mga problema sa eskwela.
- Labis na pagkabalisa o takot na humahadlang sa mga pang-araw-araw na aktibidad
- Biglaang labis na pagkatakot nang walang dahilan, na minsan na may mabilis na pagtibok ng puso o paghinga
- Napakalungkot o umiiwas sa iba sa loob ng dalawa o higit pang linggo, na sanhi ng mga problema sa pang-araw-araw na aktibidad

- Matinding mga mood swing na nagdudulot ng mga problema sa mga relasyon
- Biglaang pagbabago ng pag-uugali
- Hindi pagkain, pagsusuka, o paggamit ng mga laxative para mabawasan ang timbang
- Paulit-ulit na paggamit ng alak o droga
- Malubha, hindi makontrol na pag-uugali na maaaring makasakit sa sarili o sa iba
- Seryosong mga plano o sinusubukang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pakikipag-away, o paggamit ng armas, o seryosong plano na saktan ang iba

**Karagdagang Partikular na Impormasyon sa Mental Health Plan**

- Tawagan ang 911 – Para sa mga emergency na serbisyo
    - Ang Pangkat ng Mobile Crisis ng Solano County ay maaaring ipadala kung naaangkop
- Tawagan ang 988 – Para sa Suicide at Crisis Lifeline
- Tawagan ang (707) 428-1131 – Para sa Crisis Stabilization Unit ng Solano County

Ang karagdagan mapagkukunan ay matatagpuan sa TRUEcare Map sa http://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_access_services/default.asp at sa pahina 10 ng booklet na ito.

## Ano ang mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?

Ang mga espesyal na serbisyo sa mental health ay mga serbisyo para sa mga taong may kondisyon sa pag-iisip o emosyonal na mga problema na hindi magamot ng pangkaraniwang doktor. Malubha ang mga sakit o mga problemang ito na nagiging hadlang sa kakayahan ng isang tao na isagawa ang kaniyang mga pang-araw-araw na aktibidad.

Kabilang sa mga espesyal na serbisyo sa mental health ang:

- Mga serbisyo sa mental health
- Mga suportang serbisyo sa gamot
- Naka-target na pamamahala ng kaso
- Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo sa istabilisasyon ng krisis
- Mga serbisyo sa residensyal na paggamot sa mga nasa hustong gulang
- Mga serbisyo sa residensyal na paggamot sa krisis
- Pang-araw na mga serbisyo sa matinding paggamot
- Pang-araw na rehabilitasyon
- Mga serbisyo na pang-inpatient sa psychiatric na ospital
- Mga serbisyo sa psychiatric na pasilidad ng kalusugan
- Serbisyo sa pagsuporta sa kapwa (available lang sa mga nasa hustong gulang sa mga partikular na county, pero maaaring maging kwalipikado ang mga menor de edad sa mga serbisyo sa ilalim ng Maaga at Panapanahong Screening, Diagnostic, at Paggamot saan man sila nakatira)

Maliban sa mga serbisyo sa mental health na nakalista sa itaas, may access sa karagdagang mga serbisyo sa mental health ang mga benepisyaryong wala pang 21 taon sa ilalim ng benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment o EPSDT). Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Intensibong mga pang-outpatient na serbisyo sa bahay
- Koordinasyon ng intensibong pangangalaga
- Mga terapyutikong serbisyo sa pag-uugali
- Terapyutikong foster na pangangalaga

Kung gusto mong matuto ng higit pa tungkol sa bawat espesyal na serbisyo sa mental health na maaaring available sa iyo, tingnan ang seksyong “Saklaw ng mga Serbisyo” ng handbook na ito.

**Paano Ako Makakakuha ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?**

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa mental health, maaari kang tumawag sa mental health plan mo at magpa-appointment para sa isang inisyal na screening at assessment. Maaari kang tumawag sa libreng numero ng telepono ng county mo. Maaari ka ring humiling ng assessment para sa mga serbisyo sa mental health mula sa managed care plan mo kung benepisyaryo ka. Kung tinukoy ng managed care plan na natugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga serbisyo sa mental health, tutulungan ka ng managed care plan na makatanggap ng mga serbisyo sa mental health sa pamamagitan ng mental health plan. Walang maling paraan sa pag-access sa mga serbisyo sa mental health. Baka maaari ka pa ngang makatanggap ng mga hindi espesyal na serbisyo sa mental health sa pamamagitan ng Medi-Cal Managed Care Plan mo maliban sa mga espesyal na serbisyo sa mental health kung tinukoy ng klinikal na provider mo na naaangkop sa iyo ang mga serbisyo at hangga’t ang mga serbisyong iyon ay magkaka-ugnay at hindi duplikado.

Maaari ka ring i-refer sa mental health plan mo para sa mga espesyal na serbisyo sa mental health ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang doktor mo, paaralan, isang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, ang Medi-Cal managed care plan mo, o iba pang ahensya ng county. Karaniwang kailangan ng doktor mo o ng Medi-Cal managed care plan ang pahintulot mo o ng isang magulang o ng tagapangalaga ng isang bata para direktang makapag-refer sa mental health plan, maliban kung mayroong emergency. Maaaring tanggihan ng mental health plan mo ang isang kahilingan na magsagawa ng inisyal na pagtatasa para matukoy kung natugunan mo ang pamantayan sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa mental health plan.

Ang mga espesyal na serbisyo sa mental health ay mental health plan (county) o iba pang provider na nakakontrata sa mental health plan (gaya ng mga klinika, sentro ng paggamot, organisasyon na nakabatay sa komunidad, o indibidwal na mga provider).

**Saan Ako Makakakuha ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?**

Makakakuha ka ng mga espesyal na serbisyo sa mental health sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng county mo kung kailangan. Ang Solano MHP ay mayroong mga klinika para sa kalusugan ng pag-uugali sa Fairfield, Vallejo, at Vacaville. Ang Solano ay nagbibigay din ng mga serbisyo sa ibang komunidad sa loob ng county, sa pamamagitan ng in-person at sa telehealth. Ang bawat county ay may mga espesyal na serbisyo sa mental health para sa bata, kabataan, nasa hustong gulang, at nakakatanda. Kung wala ka pang 21 taon, kwalipikado ka sa karagdagang saklaw at benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

Ang mental health plan ang tutukoy kung natugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga espesyal na serbisyo sa mental health. Kung natugunan mo, ire-refer ka ng mental health plan para makatanggap ng assessment. Kung hindi mo natugunan ang pamantayan sa pag-access sa mga espesyal na serbisyo sa mental health, ire-refer ka sa Medi-Cal managed care plan mo o sa isang fee-for-service provider na siyang tutukoy kung kailangan mo ng mga hindi espesyal na serbisyo sa mental health. Kung ang mental health plan mo, o ang isang sa ngalan ng mental health plan ay tinanggihan, nilimitahan, binawasan, ipinagpaliban, o winakasan ang mga serbisyong sa tingin mo ay dapat mong makuha, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na Paunawa na tinatawag na “Notice of Adverse Benefit Determination” (“Paunawa sa Pagpapasya ng Salungat sa Benepisyo”) mula sa mental health plan na ipinapaalam sa iyo ang mga dahilan ng pagtanggi, at ang mga karapatan mo na maghain ng apela at/o Pagdinig sa Estado. May karapatan ka ring tumutol sa pasya sa pamamagitan ng paghiling ng isang apela. Makikita mo sa ibaba ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Karapatan mong makatanggap ng Paunawa at kung ano ang gagawin kung tutol ka sa pasya ng mental health plan mo.

Tutulungan ka ng mental health plan mo na humanap ng provider na makapagbibigay ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang i-refer ng mental health plan sa provider na pinakamalapit sa tahanan mo, o sa loob ng pamantayang oras at layo na makakatugon sa mga pangangailangan mo.

**Kailan Ako Makakakuha ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?**

Dapat tugunan ng mental health plan mo ang mga pamantayan ng estado sa oras ng appointment kapag nag-iiskedyul ng appointment para sa iyo upang matanggap mo ang mga serbisyo mula sa mental health plan. Dapat i-alok ng mental health plan sa iyo ang isang appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng para sa iyong hindi apurahang kahilingan na magsimula ang mga serbisyo

ng mental health plan;

- Sa loob ng 48 na oras kung humiling ka ng mga serbisyo para sa isang apurahang kondisyon;
- Sa loob ng 15 araw ng para sa iyong hindi apurahang kahilingan para sa appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng bago ang appointment para sa mga kasalukuyang kondisyon.

Gayunpaman, maaaring mas tumagal ang mga paghihintay na ito kung natukoy ng provider mo na naaangkop ang mas mahabang paghihintay at hindi makakasama.

**Sino ang Magpapasya Kung Aling Serbisyo ang Matatanggap Ko?**

Ikaw, ang provider mo, at ang mental health plan ay kasama lahat sa pagpapasya kung aling serbisyo ang kailangan mo sa pamamagitan ng mental health plan. Makikipag-usap sa iyo ang isang propesyonal sa mental health at tutulong sa pagtukoy kung aling mga espesyal na serbisyo sa mental health ang naaangkop batay sa mga pangangailangan mo.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diagnosis sa mental health o partikular na kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip para humingi ng tulong. Ang mental health plan ang magtatasa ng kondisyon mo. Susuriin ng provider kung maaaring mayroon kang karamdaman sa mental health na may masamang epekto sa pang-araw-araw mo na pamumuhay o kung mayroon kang karamdaman sa mental health o pinaghihinalaang karamdaman sa mental health na posibleng magkaroon ng masamang epekto sa pang-araw-araw na pamumuhay mo kung hindi ka makakatanggap ng paggamot. Matatanggap mo ang mga serbisyong kailangan mo habang isinasagawa ng provider mo ang pagtatasang ito. Hindi mo kailangang magkaroon ng diagnosis sa mental health o ng isang partikular na kondisyon sa mental health para matanggap ang mga serbisyo sa panahon ng pagtatasa.

Kung wala ka pang 21 taon, maaari mo ring i-access ang mga espesyal na serbisyo sa mental health kung mayroon kang kondisyon sa mental health dahil sa trauma, pakikilahok sa child welfare system, pagkasangkot sa juvenile justice, o pagkaranas ng kawalan ng tahanan. Karagdagan pa, kung wala ka pang 21 taon, dapat magbigay ang mental health plan ng medikal na kinakailangan na mga serbisyo na makakatulong na itama o bumuti ang kondisyon mo sa mental health. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang kondisyon sa mental health ay itinuturing na medikal na kailangan.

Maaaring mangailangan ang ilang serbisyo ng patiunang pahintulot mula sa mental health plan. Dapat gumamit ang mental health plan ng kwalipikadong propesyonal upang gawin ang pagsusuri para sa pahintulot sa serbisyo. Ang proseso ng pagsusuri na ito ay tinatawag na patiunang pahintulot sa mga espesyal na serbisyo sa mental health. Dapat sumunod sa mga partikular na timeline ang proseso ng pahintulot ng mental health plan. Para sa karaniwang patiunang pahintulot, dapat magpasya kaagad ang mental health plan batay sa kahilingan ng provider mo nang naaayon sa kinakailangan ng kondisyon mo. Halimbawa, dapat madaliin ng plan mo ang pasya sa pahintulot at magbigay ng abiso batay sa timeframe kaugnay ng kondisyon mo sa kalusugan nang hindi lalagpas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan sa serbisyo, pero hindi hihigit sa 14 na araw pagkapos matanggap ng mental health plan ang kahilingan.

Kung hiniling mo ito o ng provider mo, o kung kailangan ng mental health plan na makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa provider mo at nagbigay ng katwiran para dito, maaaring ma-extend ang timeline nang hanggang sa karagdagang 14 na araw. Isang halimbawa na maaaring kailanganin ang pag-extend ay kapag sa tingin ng mental health plan ay maaaring maaprubahan nito ang kahilingan ng provider mo para sa paggamot kung makakakuha sila ng karagdagang impormasyon mula sa provider mo. Kung i-extend ng mental health plan ang timeline para sa kahilingan ng provider, magpapadala sa iyo ang county ng nakasulat na abiso tungkol sa pag-extend.

Kasama sa mga serbisyong nangangailangan ng patiunang pahintulot ang: Intensibong mga Serbisyo sa Bahay, Intensibong Paggamot sa Araw, Pang-Araw na Rehabilitasyon, Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali, at Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga. Maaari kang humingi sa mental health plan ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng paunang pahintulot nito. Tumawag sa iyong mental health plan para humingi ng karagdagang impormasyon.

Kung tinanggihan, ipinagpaliban, binawasan, o winakasan ng mental health plan ang hiniling na mga serbisyo, dapat magpadala sa iyo ang mental health plan ng isang Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo na sinasabi sa iyo na tinanggihan ang mga serbisyo, na ipinapaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apela, at nagbibigay sa iyo ng impormasyon kung paano maghain ng apela. Para malaman ang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan sa paghahain ng reklamo o apela kapag tutol ka sa pasya ng iyong mental health plan na tanggihan ang mga serbisyo o gumawa ng iba pang aksyon na hindi ka sang-ayon,

sumangguni sa seksyong Pagpapasaya ng Salungat sa Benepisyo ng Iyong Mental Health sa pahina 33 ng handbook na ito.

**Ano ang Medikal na Pangangailangan?**

Dapat medikal na kinakailangan ang mga serbisyong tinatanggap mo at naaangkop para matugunan ang kondisyon mo. Para sa mga indibidwal na 21 taon pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kapag ito ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang buhay mo, maiwasan ang malalang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding sakit.

Para sa mga indibidwal na wala pang 21 taon, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung itinatama, sinusuportahan, pinapabuti, o nakakatulong ito para makayanan ang kondisyon sa mental health. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang kondisyon sa mental health ay itinuturing medikal na kinakailangan at sinasaklaw bilang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose, at Paggamot.

**Paano Ko Makukuha ang Iba Pang Serbisyo sa Mental Health na Hindi Saklaw ng Mental Health Plan?**

Kung naka-enroll ka sa isang Medi-Cal managed care plan, may access ka sa mga sumusunod na pang-outpatient na serbisyo sa mental health sa pamamagitan ng Medi-Cal managed care plan mo

- Pagsusuri at paggamot sa mental health, kasama ang therapy sa indibidwal, grupo at pamilya.
- Psychological at neuropsychological na testing, kapag klinikal na ipinapahiwatig na suriin ang isang kondisyon sa mental health.
- Mga serbisyo na pang-outpatient para masubaybayan ang mga niresetang gamot.
- Psychiatric na konsultasyon.
- Pang-outpatient na laboratoryo, mga gamot (pakitandaan na karamihan sa mga gamot ay saklaw ng Fee-For-Service Medi-Cal program), suplay at suplemento.

Para makuha ang isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tumawag sa Medi-Cal managed care plan mo. Kung wala ka sa isang Medi-Cal managed care plan, maaari mong makuha ang mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinikal na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring makatulong sa iyo ang mental

health plan sa paghahanap ng provider o klinika na makakatulong sa iyo sa pagbibigay ng ilang ideya kung paano makakahanap ng provider o klinika.

Anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring magbigay ng reseta para gamutin ang isang kondisyon sa mental health. Pakitandaan na karamihan sa mga iniresetang gamot na ibinigay ng parmasya ay nasa ilalim ng Fee-For-Service Medi-Cal program, hindi ng managed care plan mo.

**Paano Ko Makukuha ang Iba Pang Serbisyong Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal) na Hindi Saklaw ng Mental Health Plan?**

Kung nasa isang managed care plan ka, responsibilidad ng plan na maghanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka naka-enroll sa isang managed care plan, at mayroon "karaniwang" Medi-Cal, tinatawag ding Fee-for-Service Medi-Cal, maaari kang magpunta sa alinmang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa provider mo na mayroon kang Medi-Cal bago mo mag-umpisa ang pagtanggap ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon.

Maaari kang gumagamit ng provider sa labas ng health plan mo para sa mga serbisyo sa family planning.

**Paano Kung may Problema Ako sa Alkohol o Droga?**

Kung sa tingin mo kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa problema sa alkohol o droga, makipag-ugnayan sa county mo sa:

Solano County Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS) sa pamamagitan ng Rehiyonal na Modelo ng Partnership Health Plan ng California.

- Access Line: (855) 765-9703
- https://www.solanocounty.com/depts/bh/substance_use_disorders.asp

**Bakit Maaaring Kailanganin Ko ng mga Serbisyo na Pang-Inpatient sa Psychiatric na Ospital?**

Maaari kang ma-admit sa ospital kung mayroon kang mental na kondisyon sa kalusugan o mga sintomas ng mental na kondisyon sa kalusugan na maaaring hindi ligtas na gamutin sa isang mas mababang antas ng

pangangalaga, at dahil sa mental na kondisyon sa kalusugan o mga sintomas ng mental na kondisyon sa kalusugan, ikaw ay:

- Kasalukuyang mapanganib sa sarili mo o sa iba, o sa malubhang pagkasira ng ari-arian
- Hindi makapagbigay o makagamit ng pagkain, damit, o tirahan
- Maaaring magdulot ng malubhang panganib sa pisikal na kalusugan mo
- Mayroong kamakailan na malubhang pagbaba ng kakayahang gumana bilang resulta ng isang kondisyon sa mental health
- Nangangailangan ng psychiatric na pagsusuri, medikasyon, o iba pang paggamot na nasa ospital lang

## Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa mga Espesyal na Serbisyo sa Mentqal Health na Kailangan Ko?

Kinakailangang mag-post ang mental health plan mo ng kasalukuyang online na directory ng provider. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga kasalukuyang provider o kung gusto mo ng naka-update na directory ng provider, bisitahin ang website ng mental health plan mo sa https://www.solanocounty.com/depts/bh/qi/pd.asp o tumawag sa libreng numero ng telepono ng mental health plan. Makakakuha ka ng listahan na nakasulat o sa pamamagitan ng koreo kung hiniling mo ito.

Maaaring limitahan ng mental health plan ang mga mapagpipilian mong provider. Kapag nagsimula ka nang tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa mental health, maaari mong hilingin sa mental health plan mo na bigyan ka ng hindi bababa sa dalawang mapagpipiliang provider bilang panimula. Dapat payagan ka ng mental health plan mo na magpalit ng provider. Kung humiling ka na magpalit ng provider, dapat payagan ka ng mental health plan na mamili sa hindi bababa sa dalawang provider hangga't maaari.

Responsibilidad ng mental health plan mo na tiyaking may napapanahon na access ka sa pangangalaga at may sapat na mga provider malapit sa iyo para tiyaking makukuha mo ang mga serbisyo sa paggamot sa mental health na saklaw ng mental health plan kung kailangan mo ang mga ito. Minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng mental health plan na hindi na magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa mental health. Ang mga provider ng mental health plan ay hindi na maaaring makipagkontrata sa mental health plan, o hindi na sariling tumatanggap ng mga pasyente ng espesyal na serbisyo sa mental health ng Medi-Cal o sa kahilingan ng mental health plan. Kapag nangyari ito, magpapadala ng nakasulat na abiso ang mental health plan sa bawat taong tumatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa mental health mula sa provider. Ibibigay ang abiso sa benepisyaryo 30 araw bago ang bisa ng pagtatapos o 15 araw pagkatapos malaman ng mental health plan na hindi na magtatrabaho ang provider. Kapag nangyari ito, dapat kang payagan ng mental health plan mo na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa provider na umalis sa mental health plan, kung sang-ayon ka at ang provider. Tinatawag ito bilang “pagpapatuloy ng pangangalaga”, at ipinaliwanag ito sa ibaba.

## Maaari Ba Akong Magpatuloy sa Pagtanggap ng mga Serbisyo Mula sa Kasalukuyan Kong Provider?

Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa mental health mula sa isang Medi-Cal managed care plan, maaari kang magpatuloy sa pagtanggap ng serbisyo mula sa provider na iyon kahit na makatanggap ka ng mga serbisyo sa mental health mula sa provider mo ng mental health plan basta't may ugnayan ang mga provider at hindi pare-pareho ang mga serbisyo.

Karagdagan pa, kung tumatanggap ka na ng mga espesyal na serbisyo sa mental health mula sa ibang mental health plan, managed care plan, o isang indibidwal na provider ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" para makakapagpatuloy ka sa kasalukuyang provider mo nang hanggang sa 12 buwan, sa ilalim ng partikular na mga kondisyon kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:

- Mayroon kang umiiral na ugnayan sa provider na hinihiling mo;
- Kailangan mo manatili sa kasalukuyang provider mo para ipagpatuloy ang paggamot o dahil makakapinsala ang kondisyon mo sa mental health ang pagpapalit ng bagong provider;
- Ang provider ay kwalipikado at nakakatugon sa mga kinakailangang ng Medi-Cal; at,
- Sang-ayon ang provider sa mga kinakailangan ng mental health plan sa pagkontrata sa mental health plan.

## SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kapag natugunan mo ang pamantayan sa pag-access sa mga espesyal na serbisyo sa mental health, available sa iyo ang mga sumusunod na serbisyo batay sa pangangailangan mo. Makikipagtulungan sa iyo ang provider mo para magpasya kung aling mga serbisyo ang angkop para sa iyo.

### Mga Serbisyo sa Mental Health

- Ang mga serbisyo sa mental health ay isang pang-indibidwal, panggrupo, o pampamilya na mga serbisyo ng paggamot na tumutulong sa mga taong may mental na kondisyon sa kalusugan na bumuo ng mga kasanayan para makayanan ang pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga ginagawa ng mga provider upang mas mapabuti ang mga serbisyo para sa mga taong tumatanggap ng mga serbisyo. Kabilang dito ang: pagtatasa para malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung gumagana; pagpaplano sa paggamot para pagpasyahan ang mga layunin ng paggamot mo sa mental health at ang partikular na mga serbisyong ibibigay; at "collateral," na nangangahuluhang pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at mahahalagang tao sa buhay mo (kung pahihintulutan mo) para makatulong na bumuti o mapanatili ang mga kakayahan mo sa pang-araw-araw na pamumuhay. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa mental health sa isang klinika o sa tanggapan ng provider, sa telepono o telemedicine, o sa tahanan mo o sa iba pang setting ng komunidad. Ang halaga at dalas ng paghatid ng serbisyo ay tutukuyin sa pamamagitan ng mga nasuring sintomas ng mental health at ang antas kung saan ang mga sintomas na iyon ay nakakapinsala sa pang-araw-araw na paggana. Kung mababa ang antas ng kapansanan, maaring i-refer ka sa mas mababang antas ng pangangalaga, samantalang ang mataas na antas ng kapansanan ay malamang na humantong sa referral sa mas mataas na antas ng pangangalaga (mas madaming serbisyo at mas madalas na paghatid ng mga serbisyo).

### Mga Serbisyo sa Suporta sa Gamot

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pagpapainom, pagbibigay, at pagsusubaybay sa mga psychiatric na gamot; at pagtuturo kaugnay sa mga psychiatric na gamot. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa suporta sa gamot sa isang klinika o sa tanggapan ng provider, sa telepono o telemedicine, o sa tahanan mo o sa iba pang setting ng komunidad.

### Naka-target na Pamamahala ng Kaso

- Tumutulong ang serbisyong iyo sa pagkuha ng medikal, edukasyonal, panlipunan, prevocational,

vocational, pangrehabilitasyon, o iba pang mga serbisyo ng komunidad kapag nahihirapan ang mga taong may mental na kondisyon sa kalusugan na makuha ang mga serbisyong ito sa sarili nila. Kasama sa naka-target na pamamahala ng kaso ang, pero hindi limitado sa, pagbuo ng plano; komunikasyon, koordinasyon, at pag-refer; pagsubaybay sa paghahatid ng serbisyo para matiyak ang access ng tao sa serbisyo at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; at pagsubaybay sa pag-unlad ng tao.

**Mga Serbisyo sa Interbensyon sa Krisis**

- Ang serbisyong ito ay available para tugunan ang apurahang kondisyon na nangangailangan ng agarang pansin. Layunin ng interbensyon sa krisis na tulungan ang mga tao sa komunidad para hindi sila maospital. Ang interbensyon sa krisis ay maaaring tumagal ng hanggang walong oras at maaaring ibigay sa isang klinika o tanggapan ng provider, sa telepono o telemedicine, o sa tahanan mo o iba pang setting ng komunidad.

**Mga Serbisyo sa Pagpapanatiling Ligtas mula sa Krisis**

- Ang serbisyong ito ay available para tugunan ang apurahang kondisyon na nangangailangan ng agarang pansin. Ang pagpapatiling mula sa krisis ay tumatagal ng mas mababa sa 24 na oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na bukas 24 na oras, sa isang pang-outpatient na programa ng ospital, o sa lugar ng isang provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyo sa pagpapanatiling ligtas mula sa krisis.

**Mga Serbisyo sa Paggamot na Pantahanan sa mga Nasa Hustong Gulang**

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa mental health at pagbuo ng mga kasanayan para sa mga nakatira sa mga lisensyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa paggamot na pantahanan para sa mga may mental na kondisyon sa kalusugan. Available ang mga serbsiyong ito 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga gastusin sa kwarto at pananatili sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo sa paggamot na pantahanan sa mga nasa hustong gulang.

**Mga Serbisyo sa Paggamot sa Krisis na Pantahanan**

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa mental health at pagbuo ng mga kasanayan para sa mga may seryosong krisis sa pag-iisip o emosyonal, pero hindi nangangailangan ng

pangangalaga sa isang psychiatric na ospital. Available ang mga serbsiyo 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo sa mga lisensyadong pasilidad. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga gastusin sa kwarto at pananatili sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo sa paggamot na pantahanan sa krisis.

**Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot na Pang-Araw**

- Ito ay isang organisadong programa sa paggamot sa mental health na ibinibigay sa mga taong maaaring hindi kailangang ipaospital o iba pang pasilidad ng pangangalaga na bukas 24 na oras. Tumatagal ang programa ng hindi bababa sa tatlong oras kada araw. Maaaring umuwi sa kanilang mga tahanan ang mga tao sa gabi. Kasama sa programa ang mga aktibidad na tumutulong sa pagbuo ng kasanayan, mga therapy, at psychotherapy.

**Pang-araw na Rehabilitasyon**

- Ito ay isang organisadong program ana dinisenyo na tulungan ang mga may mental na kondisyon sa kalusugan na matuto at bumuo ng mga kasanayan sa pamumuhay at para makayanan ang pagkontrol sa mga sintomas ng mental na kondisyon sa kalusugan nang mas epektibo. Tumatagal ang programa ng hindi bababa sa tatlong oras kada araw. Kasama sa programa ang mga aktibidad na tumutulong sa pagbuo ng kasanayan at mga therapy.

**Mga Serbisyo na Pang-inpatient sa Psychiatric na Ospital**

- Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong psychiatric na ospital ayon sa pasya ng isang lisensyadong propesyonal sa mental health na nangangailangan ang isang tao ng masinsinang 24 na oras na paggamot sa mental health.

**Mga Serbisyo sa Pasilidad ng Psychiatric na Kalusugan**

- Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong pasilidad sa mental health na eksperto sa 24 na oras na rehabilitative na paggamot ng mga seryosong kondisyon sa mental health. Dapat may kasunduan ang mga psychiatric na pasilidad ng kalusugan sa isang kalapit na ospital o klinika para matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga taong nasa pasilidad.

**Mayroon Bang Available na mga Espesyal na Serbisyo para sa mga Bata, at/o Kabataan na wala pang 21 taon?**

Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taon ay kwalipikadong tumanggap ng karagdagang mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

Para maging kwalipikado sa mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot, ang benepisyaryo ay dapat na wala pang 21 taon at may kabuuang saklaw ng Medi-Cal. Saklaw ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot ang mga serbisyong kinakailangan para itama o pagbutihin ang anumang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong para makayanan ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay isinasaalang-alang para matulungan ang kondisyon sa mental health at medikal na kailangan at saklaw bilang mga serbsiyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot, mangyaring tumawag sa 1-800-547-0495 o bisitahin ang DHCS Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot na webpage.

Available din ang mga sumusunod na serbisyo mula sa mental health plan para sa mga bata, teenager, at kabataan na wala pang 21 taon: Mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali, Pag-uugnay ng Intensibong Pangangalaga, Intensibong mga Serbisyo sa Bahay, at mga Serbisyo sa Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga.

**Mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali**

Ang mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali ay intensibo, indibidwal, panandaliang mga interbensyon na pang-outpatient na paggamot para sa mga benepisyaryo hanggang 21 taon. Ang mga inbidwal na tumanggap ng mga serbisyong ito ay mayroong malubhang emosyonal na pagkagambala, nakakaranas ng nakaka-stress na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandalian, partikular na suporta na mga serbisyo para matupad ang mga resultang tinukoy sa kanilang nakasulat na plano sa paggamot.

Ang mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali ay isang uri ng espesyal na serbsiyo sa mental health na available sa pamamagitan ng bawat mental health plan kung mayroon kang mga seryosong

emosyonal na problema. Para makakuha ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali, ikaw ay dapat na makatanggap ng isang serbisyo sa mental health, wala pang 21 taon, at may buong saklaw ng Medi-Cal.

- Kung nakatira ka sa bahay, maaaring indibidwal na makipagtulungan sa iyo ang kawani ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali para mabawasan ang malubhang mga problema sa pag-uugali para hindi ka na kailangan pang umabot sa mas mataas na antas ng pangangalaga, gaya ng panggrupong tahanan para sa mga bata at kabataan na wala pang 21 na may napakalubhang problema sa emosyonal.
- Kung nakatira ka sa isang panggrupong tahanan para sa mga bata at kabataan na wala pang 21 taon na may napakalubhang problema sa emosyonal, maaaring makipagtulungan 29ap ag ang isang kawani ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali para mailipat ka sa mas mababang antas ng pangangalaga, gaya ng isang foster na tahanan o umuwi sa bahay.

Ang mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali ay tutulong sa iyo at sa pamilya mo, tagapangalaga, o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan sa pagtugon sa mga problema sa pag-uugali at mga paraan para mapaunlad ang mga uri ng pag-uugali na tutulong sa iyo na magtagumpay. Magtutulungan bilang isang team ikaw, ang kawani ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali, at pamilya mo, tagapangalaga, o guardian para matugunan ang problemadong mga pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailangan ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali. Magkakaroon ka ng isang plano sa mga Serbisyong Nakakagamot sa Pag-uugali na magsasabi sa iyo, sa pamilya mo, tagapangalaga, o tagapag-alaga, at kung ano ang gagawi ng kawani ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali sa panahon ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali, at kung kailan at saan magaganap ang mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali. Makikipagtulungan sa iyo ang kawani ng mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali sa mga lugar kung saan pinakakailangan mo ng tulong sa problema mo sa pag-uugali. Kasama dito ang tahanan mo, foster na tahanan, panggrupong tahanan, paaralan, programa sa paggamot sa araw, at iba pang lugar ng komunidad.

**Pag-uugnay ng Intensibong Pangangalaga**

Ang Pag-uugnay ng Intensibong Pangangalaga ay isang naka-target na pamamahala ng kaso na pinapadali ang pagtatasa, pagpaplano sa pangangalaga, at pag-uugnay ng mga serbisyo ng mga benepisyaryong wala pang 21 taon na kwalipikado sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at natugunan ang pamantayan ng medikal na kinakailangan para sa serbisyong ito.

Kasama sa mga salik ng serbisyo ng Pag-uugnay ng Masinsinang Pangangalaga ang pagtatasa; pagpaplano at pagpapatupad ng serbisyo; pagsubaybay at pakikibagay; at paglilipat. Ibinibigay ang mga serbisyo ng Pag-uugnay ng Intensibong Pangangalaga sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model, kabilang ang pagtatatag ng Team ng Bata at Pamilya para matiyak na mapadali ang pagtutulungan ng bata, kanilang pamilya, at nasasangkot na mga sistema na nagseserbisyo sa bata.

Kasama sa Pangkat ng Bata at Pamilya ang pormal na suporta (gaya ng coordinator ng pangangalaga, mga provider, at manager ng kaso mula sa mga ahensyang nagseserbisyo sa bata), natural na suporta (gaya ng mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, at pari), at iba pang indibidwal na nagtutulungan para buuin at ipatupad ang plano ng kliyente at may responsibilidad na suportahan ang mga bata at kanilang mga pamilya na makamit ang kanilang mga layunin. Nagbibigay din ang Pag-uugnay ng Masinsinang Pangangalaga ng Coordinator ng Pag-uugnay ng Masinsinang Pangangalaga na:

- Tinitiyak na ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay naa-access, naiugnay, at naihatid sa isang batay sa lakas, indibidwal, hinihimok ng kliyente, at may kakayahang kultura at wika.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng bata.
- Pinapadali ang pagtutulungan ng bata, kanilang pamilya, at mga sistemang sangkot sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kanila.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapangalaga sa pagtugon sa mga pangangailangan ng bata.
- Tumutulong sa pagtatatag ng Pangkat ng Bata at Pamilya at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Inoorganisa at pinagtutugma ang mga provider at mga sistema na nagseserbisyo sa bata para mapagsilbihan ang bata sa kanilang komunidad.

**Intensibong mga Serbisyo sa Bahay**

Ang Intensibong mga Serbisyo sa Bahay ay indibidwal, nakabatay sa positibo na mga interbensyon na dinisenyo para baguhin o pagbutihin ang mga kondisyon sa mental health na humahadlang sa bata/kabataan na gumanap at naglalayong tulungan ang bata/kabataan na makabuo ng mga kasanayan na kinakailangan para sa matagumpay na pagganap sa tahanan at komunidad at sa pagpapaunlad sa kakayahan ng pamilya ng bata/kabataan na tulungan ang bata/kabataan na gumanap sa tahanan at komunidad.

Ibinibigay ang mga serbisyo sa Intensibong mga Serbisyo sa Bahay ayon sa plano sa paggamot sa indibidwal na binuo sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Pangkat ng Bata at Pamilya sa tulong ng pangkalahatang plano sa serbisyo ng pamilya, na maaaring kasama ang, pero hindi limitado sa, pagtatasa, pagbuo ng plano, therapy, rehabilitasyon, at collateral. Ibinibigay ang mga Serbisyo sa Intensibong mga Serbisyo sa Bahay sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon na kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at natutugunan ang mga pamantayan sa medikal na kailangan para sa serbisyong ito.

**Mga Serbisyo sa Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga**

Ang service model ng Serbisyo sa Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga ay nagbibigay-daan sa mga espesyal na serbisyo sa mental health na panandalian, intensibo, may kinalaman sa trauma, at naka-individualize para sa mga bata hanggang 21 taon na may komplikadong pangangailangan sa emosyonal at pag-uugali. Kasama sa mga serbisyo ang pagpapaunlad, rehabilitasyon, at collateral. Sa Serbisyo sa Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga, ang mga bata ay inilalagay sa sinanay, masinsinang sinusubaybayan, at sinusuportahan na mga magulang ng Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga.

**Available na mga Serbisyo sa Telepono o Telehealth**

Ang mga serbisyong maaaring ibigay sa telepono o telehealth ay:

- Serbisyo sa Mental Health
- Serbisyo sa Suporta sa Gamot
- Serbisyo sa Interbensyon sa Krisis
- Naka-target na Pamamahala ng Kaso
- Pag-uugnay ng Intensibong Pangangalaga

- Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Kapwa

Ang ilang mga bahagi ng serbisyo ay maaaring maihatid sa pamamagitan ng telehealth o telepono ay:

- Mga Serbisyo sa Intensibong Paggamot sa Araw
- Pang-araw na Rehabilitasyon
- Mga Serbisyo sa Paggamot na Pantahanan sa mga Nasa Hustong Gulang
- Mga Serbisyo sa Paggamot na Pantahanan sa Krisis
- Mga Serbisyo sa Pagpapanatiling Ligtas mula sa Krisis

Ang mga serbisyong hindi maaaring ibigay sa telepono o telehealth ay:

- Mga Serbisyo sa Psychiatric na Pasilidad ng Kalusugan
- Mga Serbisyo na Pang-inpatient sa Psychiatric na Ospital
- Mga Serbisyong Nakakapagpagaling sa Pag-uugali
- Intensibong mga Serbisyo sa Bahay
- Nakakapagpagaling na Foster na Pangangalaga

**Ano ang mga Karapatan Ko Kung Tinanggihan ng Mental Health Plan ang mga Serbisyong Gusto Ko o sa Tingin Ko ay Kailangan Ko?**

Kung ang mental health plan mo, o isang provider sa ngalan ng mental health plan mo, ay tinanggihan, nilimitahan, binawasan, ipinagpaliban, o winakasan ang mga serbisyong gusto mo o pinaniniwalaang dapat mong makuha, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na Paunawa (tinatawag na "Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo") mula sa mental health plan. May karapatan ka ring tumutol sa pasya sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang Karapatan mong makatanggap ng Paunawa at kung ano ang gagawin kung tutol ka sa pasya ng mental health plan mo.

**Ano ang Pagpapasya ng Salungat sa Benepisyo?**

Ang Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo ay nangangahulugan ng alinman sa mga sumusunod na pagkilos na ginawa ng mental health plan:

1. Ang pagtanggi o limitadong pahintulot ng hiniling na serbisyo, kasama ang mga pagpapasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng saklaw na benepisyo;
2. Ang pagbabawas, pagsususpinde, o pagwawakas ng dating pinahintulutang serbisyo.
3. Ang pagtanggi, sa kabuuan o sa bahagi, ng bayad para sa serbisyo;
4. Ang hindi napapanahong pagbibigay ng mga serbisyo;
5. Ang hindi pagkilos sa loob ng mga kinakailangang timeframe para sa karaniwang paglutas ng mga reklamo at apela (Kung naghain ka ng reklamo sa mental health plan at wala kang natanggap na nakasulat na pasya tungkol sa reklamo mo mula sa mental health plan sa loob ng 90 araw. Kapag naghain ka ng apela sa mental health plan at wala kang natanggap na nakasulat na pasya sa apela mo mula sa mental health plan sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at wala kang natanggap na tugon sa loob ng 72 oras.); o
6. Ang pagtanggi sa kahilingan ng benepisyaryo na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi.

**Ano Ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?**

Ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo ay isang liham na ipapadala sa iyo ng iyong mental health plan kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyng provider mo na dapat mong matanggap.Kasama dito ang pagtanggi ng bayad para sa serbisyo, pagtanggi batay sa pag-aangkin na hindi saklaw ang mga serbisyo, pagtanggi batay sa pag-aangkin na hindi medikal nag kailangan ang mga serbisyo, pagtanggi na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng paghahatid, o pagtanggi sa kahilingan na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi. Ginagamit din ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo para ipaalam sa iyo na hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo natanggap ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline sa pagbibigay ng serbisyo ng mental health plan.

**Timing ng Paunawa**

Dapat ipadala ng Plan sa koreo ng benepisyaryo ang paunawa nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dating pinahintulutang espesyal na serbisyo sa mental health. Dapat ding ipadala ng plan sa benepisyaryo ang paunawa sa loob ng dalawang araw ng negosyo para sa pasyang tanggihan ang bayad o para sa mga pasyang sanhi ng pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng kabuuan o bahagi ng hiniling na mga serbisyo ng mental health plan.

**Palagi Ba Akong Makakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Matatanggap Ang Mga Serbisyong Gusto Ko?**

May mga pagkakataong hindi ka makakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo. Maaari ka pa ring maghain ng apela sa County Plan o kung nakumpleto mo ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng makatarungang pagdinig sa estado kapag nangyari ang mga bagay na ito. Kasama sa handbook na ito ang impormasyon kung paano maghahain ng apela o humiling ng makatarungang pagdinig. Available din ang impormasyon sa tanggapan ng provider mo.

**Ano ang Ipapaalam sa Akin ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?**

Ipapaalam sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo:

- Kung ano ang pasya ng mental health plan mo na nakakaapekto sa iyo at sa pagtanggap mo ng mga serbisyo
- Ang petsa ng bisa ng pasya at ang dahilan kung bakit iyon ang pasya
- Ang mga sinunod na batas ng estado o pederal na batas noong ginawa ang pasya
- Ang mga karapatan mo na maghain ng apela kung tutol ka sa pasya ng mental health plan
- Kung paano maghain ng apela sa mental health plan
- Kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado kung hindi ka nasiyahan sa pasya ng mental health plan sa apela mo
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Makatarungang Pagdinig
- Kung paano hihingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Pagdinig sa Estado
- Kung gaano katagal ang mayroon ka para maghain ng apela o humiling ng Pagdinig sa Estado
- Ang mga karapatan mo na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay sa pasya ng Apela o Pagdinig sa Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung saklaw ng Medi-Cal ang mga gastusin sa mga serbisyong ito
- Kung kailan mo dapat ihain ang kahilingan mo sa Apela o Pagdinig sa Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo

**Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo?**

Kapag nakatanggap ka ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo dapat mong basahin nang mabuti lahat ng impormasyong nasa paunawa. Kung hindi mo naiintindihan ang paunawa, matutulungan ka ng mental health plan mo. Maaari ka ring magpatulong sa iba.

Kung ipinapaalam sa iyo ng mental health plan na magwawakas na ang mga serbisyo mo o mababawasan ito at tutol ka sa pasya, may karapatan kang maghain ng apela sa pasyang iyon. Maaari mong ipagpatuloy ang mga serbisyo hanggang sa magkaroon na ng pasya ang apela mo o Pagdinig sa Estado. Dapat kang humiling na magpatuloy ang mga serbisyo nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos matanggap ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

**PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA: PAGHAHAIN NG REKLAMO O APELA**

**Paano Kung Hindi Ko Makuha Ang Mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking Mental Health Plan?**

Ang mental health plan mo ay dapat na may paraan para malutas mo ang anumang isyu kaugnay sa mga espesyal serbisyo sa mental health na gusto o tinatanggap mo. Tinatawag itong proseso sa paglutas ng problema at maaaring kasama nito ang:

1. **Ang Proseso ng Reklamo**: pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan sa anumang bagay tungkol sa mga espesyal na serbisyo mo sa mental health o mental health plan.
2. **Ang Proseso ng Apela**: pagsusuri ng desisyon (hal., pagtanggi, pagwawakas, o pagbabawas sa mga serbisyo) na ginagawa tungkol sa mga espesyal na serbisyo mo sa mental health ng mental health plan o ng provider mo.
3. **Ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig sa Estado**: ang proseso sa paghiling ng administratibong pagdinig sa harap ng hukom ng batas administratibo ng estado kung tanggihan ng mental health plan ang apela mo.

Hindi gagamitin laban sa iyo ang paghahain mo ng reklamo o apela, o ang paghiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, hindi rin ito makakaapekto sa mga serbisyong tinatanggap mo. Makakatulong sa iyo ang paghahain ng reklamo o apela na makuha ang mga serbisyong kailangan mo at lutasin ang mga problema mo sa mga espesyal na serbisyo sa mental health. Nakakatulong din ang mga reklamo at apela sa mental health plan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila sa impormasyon na maaari nilang gamitin sa pagpapabuti ng mga serbisyo. Kapag nakumpleto na ang reklamo mo o apela, ipapaalam sa iyo ang huling resulta ng mental health plan mo at ng iba pang sangkot. Kapag napagpasyahan na ang iyong Pagdinig sa Estado, ipapaalam sa iyo ang huling resulta ng Tanggapan ng Pagdinig sa Estado at ng iba pang sangkot. Matuto ng higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

**Makakatanggap ba Ako ng Tulong sa Paghahain ng Apela, Reklamo o Pagdinig sa Estado?**

Ang mental health plan mo ay tutulong sa pagpapaliwanag ng mga prosesong ito sa iyo at dapat kang tulungan na maghain ng reklamo, apela, o humiling ng Pagdinig sa Estado. Maaari ka ring tulungan ng mental health plan na magpasya kung kwalipikado ka sa tinatawag na ‘pinabilis’ na proseso, na nangangahulugang mas mabilis itong susuriin dahil nanganganib ang kalusugan mo, mental health, at/o

kalagayan. Maaari mo ring pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kasama ang provider mo ng espeyal na mental health o tapagtaguyod.

Kung gusto mo ng tulong, tumawag sa 1-800-459-9914. Dapat kang bigyan ng mental health plan mo ng makatwirang tulong sa pagkumpleto sa mga form at iba pang hakbang ng proseso kaugnay sa reklamo o apela. Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at libreng mga numero na may TTY/TDD at pwedeng may interpreter.

**Matutulungan ba Ako ng Estado sa Aking mga Problema/Tanong?**

Maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga holiday), gamit ang telepono sa **888-452-8609** o ang e-mail sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Pakitandaan:** Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga e-mail message. Hindi mo dapat isama ang anumang personal na impormasyon sa e-mail message.

Makakakuha ka ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa California Department of Social Services (CDSS) para sa mga karapatan mo sa pagdinig sa pamamagitan ng pagtawag sa Public Inquiry and Response Unit sa **800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **800-952-8349**).

Upang makontak ang Problem Resolution Coordinator ng Solano County, tumawag sa 1-800-459-9914

## ANG PROSESO NG REKLAMO

**Ano ang Reklamo?**

Ang reklamo ay isang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan sa anumang bagay tungkol sa mga espesyal na serbisyo mo sa mental health na hindi kabilang sa mga problemang saklaw ng mga proseso ng apela at Pagdinig sa Estado.

**Ano ang Proseso ng Reklamo?**

Ang proseso ng reklamo ay ang proseso ng mental health plan sa pagsusuri ng reklamo mo tungkol sa mga serbisyo mo o sa mental health plan. Maaaring gawin anumang oras ang reklamo nang pasalita o nang nakasulat, at hindi mawawala sa iyo ang mga karapatan o serbisyo mo kung magrereklamo ka. Kung maghahain ka ng reklamo, hindi magkakaproblema ang provider mo.

Maaari mong pahintulutan ang iba, tagapagtaguyod, o ang provider mo na kumilos para sa iyo. Kung pinahintulutan mo ang iba na kumilos para sa iyo, maaaring papirmahan sa iyo ng mental health plan ang isang form na pumapahintulot sa mental health plan na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.

Sinumang nagtatrabaho sa mental health plan na gagawa ng pasya ay dapat na kwalipikadong gawin iyon at hindi sangkot sa anumang naunang antas ng pagsusuri o pagpapasya.

**Kailan Ako Pwedeng Maghain ng Reklamo?**

Maaari kang maghain ng reklamo sa mental health plan anumang oras kung hindi ka masaya sa mga espesyal na serbisyo sa mental health o mayroon kang iba pang inaalala tungkol sa mental health plan.

**Paano Ako Maghahain Ng Reklamo?**

Maaari kang tumawag sa mental health plan mo sa 1-800 459-9914 para humingi ng tulong para sa isang reklamo. Maaaring ihain ang reklamo nang pasalita o nakasulat. Hindi na kailangang magpadala ng nakasulat follow-up ang mga reklamong inihain nang pasalita. Kung gusto mong ihain ang reklamo mo nang nakasulat, ang mental health plan ay magbibigay ng mga sobreng may address nila sa lahat ng lokasyon ng

mga provider para maipadala mo sa koreo ang reklamo mo. Kung wala kang sobreng may address nila, maari mong direktang ipadala ang sulat mo sa address na ibinigay sa harap ng handbook na ito.

**Paano Ko Malalaman na Natanggap ng Mental Health Plan ang Reklamo Ko?**

Ipapaalam sa iyo ng mental health plan mo na natanggap nito ang reklamo mo sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kompirmasyon.

**Kailan Mapagpapasyahan Ang Reklamo Ko?**

Dapat magpasya ang mental health plan mo tungkol sa reklamo mo sa loob ng 90 araw mula sa petsa na inihain mo ang reklamo mo. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung naniniwala ang mental health plan na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang mental health plan na kaya nitong lutasin ang reklamo mo kung may kaunti pa silang panahon para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iba pang taong sangkot.

**Paano Ko Malalaman Kung May Pasya na ang Mental Health Plan Tungkol sa Reklamo Ko?**

Kapag may pasya na tungkol sa reklamo mo, nakasulat itong ipapaalam sa iyo o sa kinatawan mo ng mental health plan. Kung hindi ka naabisuhan ng mental health plan mo o ang anumang apektadong partido tungkol sa pasya sa loob ng tamang panahon, ang mental health plan ay magbibigay sa iyo ng Paunawa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo na nagsasaad ng karapata mong humiling ng Pagdinig sa Estado. Ang mental health plan mo ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo sa petsa na mag-e-expire ang timeframe. Maaari kang tumawag sa mental health plan para sa karagdagang impormasyon kung hindi mo natanggap ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo.

**May Deadline Ba Ang Paghahain Ng Reklamo?**

Wala, pwede kang maghain ng reklamo anumang oras.

Upang makapaghain ng reklamo, tumawag sa Problem Resolution Line sa 1-800-459-9914.

## ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Dapat kang payagan ng mental health plan na tutulan ang mga pasya ng mental health plan mo na hindi mo sinasang-ayunan at humiling ng pagsusuri sa partikular na mga pasyang ginawa ng mental health plan o ng mga provider mo tungkol sa mga espesyal na serbisyo mo sa mental health. Mayroong dalawang paraan na pwede kang humiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng karaniwang proseso ng apela. Ang ikalawang paraan ay sa pamamagitan ng pinabilis na proseso ng apela. Magkatulad ang dalawang uri ng apela na ito; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado sa pinabilis na apela. Ipinaliwanag sa ibaba ang mga partikular na kinakailangan.

### Ano Ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay isang paghiling na suriin ang problema mo sa mental health plan o provider mo na may kinalaman sa pagtanggi o pagbabago ng mga serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo. Kung humiling ka ng karaniwang apela, maaaring abutin ng 30 araw ang mental health plan para suriin ito. Kung sa tingin mo manganganib ang kalusugan mo kung maghinhintay ka ng 30 araw, dapat kang humiling ng “pinabilis na apela.”

Ang karaniwang proseso ng apela ay:

- Papayagan kang maghain ng apela nang personal, sa telepono, o nakasulat.
- Magtitiyak na hindi gagamitin laban sa iyo o sa provider mo ang paghahain ng apela sa anumang paraan.
- Papayagan kang pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider. Kung pinahintulutan mo ang iba na kumilos para sa iyo, maaaring papirmahan sa iyo ng mental health plan ang isang form na pumapahintulot sa mental health plan na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpapatuloy ang mga benepisyo mo kapag hiniling para sa apela sa loob ng kinakailangan na timeframe, na 10 araw mula sa petsa na ipinadala sa iyo ang Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo o sa petsa na personal itong ibinigay sa iyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga ipinagpatuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Gayunpaman, kung hiniling mong magpatuloy ang mga benepisyo, at kinumpirma ng huling pasya ng apela na bawasan o itigil ang serbisyong tinatanggap mo, maaaring kailangan mong bayaran ang gastusin sa mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang apela;

- Magtitiyak na ang mga gagawa ng pasya ay kwalipikadong gawin iyon at hindi sangkot sa anumang naunang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Papayagan ka o ang kinatawan mo na suriin ang case file mo, kasama ang medikal na rekord mo, at anumang iba pang dokumento o rekord na isinaalang-alang sa panahon ng proseso ng apela.
- Papayagan kang magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpresenta ng katibayan at testimonya at gumawa ng mga legal at makatotohanang argumento, nang personal o nakasulat.
- Papayagan ka, ang kinatawan mo, o ang legal na kinatawan ng estate ng isang benepisyaryo na namatay na isama bilang mga partido sa apela.
- Ipapaalam sa iyo na sinusuri na ang apela mo sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang mga karapatan mong humiling ng Pagdinig sa Estado, pagkatapos makumpleto ang proseso ng apela sa mental health plan.

**Kailan Ako Pwedeng Maghain ng Apela?**

Maaari kang maghain ng apela sa mental health plan mo sa alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

- Napagpasyahan ng mental health plan o ng isa sa mga nakakontratang provider na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga espesyal na serbisyo sa mental health ng Medi-Cal dahil hindi mo natugunan ang mga pamantayan na medikal na kinakailangan.
- Sa tingin ng provider mo ay kailangan mo ng espesyal na serbisyo sa mental health at humingi ng pahintulot sa mental health plan, pero tutol ang mental health plan at tinanggihan ang kahilingan ng provider mo, o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Humingi ng pahintulot ang provider mo mula sa mental health plan, pero kailangan ng mental health plan ang karagdagang impormasyon para makapagpasya at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang panahon.
- Hindi naibigay sa iyo ng mental health plan mo ang mga serbisyo batay sa mga timeline na itinakda ng mental health plan.
- Sa tingin mo natagalan ang mental health plan sa pagbibigay ng mga serbisyo para tugunan ang mga pangangailangan mo.
- Hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela o pinabilis na apela.
- Hindi kayo magkasundo ng provider mo kung anong mga espesyal na serbisyo sa mental health ang kailangan mo.

**Paano Ako Maghahain ng Apela?**

Maaari kang tumawag sa mental health plan mo sa 1-800-459-9914 para makakuha ng tulong sa paghahain ng apela. Magbibigay ang mental health plan ng mga sobreng may address nila sa lahat ng site ng mga provider para maipadala mo sa koreo ang apela mo. Kung wala kang sobreng may address nila, maari mong direktang ipadala ang sulat mo sa address na ibinigay sa harap ng handbook na ito o maaari mong isumite ang apela mo sa pamamagitan ng e-mail sa QualityAssurance@solanocounty.com o fax sa 1-707-427-2774.

**Paano Ko Malalaman Kung may Pasya na sa Apela Ko?**

Magpapadala ang mental health plan mo ng nakasulat na abiso sa iyo o sa kinatawan mo tungkol sa pasya para sa apela mo. Nasa abiso ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso sa paglutas ng apela.
- Ang petsa ng pagpapasya.
- Kung hindi lubusang pabor sa iyo ang pasya, maglalaman din ang abiso ng impormasyon tungkol sa karapatan mo sa Pagdinig sa Estado at ang pamamaraan sa paghahain para sa Pagdinig sa Estado.

**May Deadline ba ang Paghahain ng Apela?**

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo. Walang deadline ang paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo, kaya pwede kang maghain anumang oras.

**Kailan Mapagpapasyahan ang Apela Ko?**

Dapat magpasya tungkol sa apela mo ang mental health plan sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ng mental health plan ang kahilingan mo para sa apela. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung naniniwala ang mental health plan na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang mental health plan na kaya nitong aprubahan ang

apela mo kung may kaunti pa silang panahon para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa provider mo.

**Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 30 Araw para sa Pasya ng Apela Ko?**

Pwedeng mas bilisan ang proseso ng apela kung kwalipikado ito sa pinabilis na proseso ng apela.

**Ano Ang Pinabilis Na Apela?**

Ang pinabilis na apela ay ang mas mabilis na paraan ng pagpapasya sa apela. Pareho lang ang sinusunod na proseso ng pinabilis na apela at karaniwang proseso ng apela. Gayunpaman, kailangan mong ipakita na maaaring lumalala ang kondisyon mo sa mental health kung hihintayin mo ang karaniwang apela. Magkaiba rin ang sinusunod na deadline ng pinabilis na proseso ng apela at karaniwang proseso ng apela. Mayroong 72 oras ang mental health plan para suriin ang pinabilis na apela. Maaari kang pasalitang humiling ng pinabilis na apela. Hindi mo na kailangang magpadala ng nakasulat na kahilingan para sa pinabilis na apela.

**Kailan Ako Pwedeng Maghain ng Pinabilis na Apela?**

Kung sa tingin mo ay manganganib ang buhay mo, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang iyong maximum na paggana kung maghihintay ka pa ng hanggang sa 30 araw para sa pasya ng apela, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas sa apela. Kung sang-ayon ang mental health plan na natugunan ng apela mo ang mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ng mental health plan mo ang pinabilis na apela sa loob ng 72 oras matapos matanggap ngmental health plan ang apela. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung ipinapakita ng mental health plan na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala.

Kung ang mental health plan mo ay nag-extend ng mga timeframes, magpapadala sa iyo ng nakasulat na paliwanag ang mental health plan kung bakit na-extend ang mga timeframe.
Kung nagpasya ang mental health plan na hindi kwalipikado ang apela para sa pinabilis na apela, dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap ang mental health plan na agad na pasalitang ipaalam ito sa iyo at magpapadala ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw na ibinibigay ang dahilan ng pasya. Pagkatapos ay susundin na iyong apela ang mga karaniwang timeframe na idinetalye ng itaas na bahagi ng

seksyong ito. Kung tutol ka sa pasya ng mental health plan na hindi natutugunan ng iyong apela ang pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kang maghain ng reklamo.

Kapag nalutas na ng mental health plan ang iyong pinabilis na apela, ikaw at lahat ng apektadong partido ay aabisuhan ng mental health plan nang pasalita at nakasulat.

Upang makapaghain ng apela o pinabilis na apela, tumawag sa Problem Resolution Line sa 1-800-459-9914 o mag-email sa QualityAssurance@SolanoCounty.com (tandaan: ang nagpadala ay tumatanggap ng mga panganib ng mga mensahe na hindi ligtas habang ipinapadala).

## ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG SA ESTADO

**Ano ang Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Ang Pagdinig sa Estado ay isang malayang pagsusuri na isasagawa ng California Department of Social Services upang matiyak na natatanggap mo ang mga espesyal na serbisyo sa mental health kung saan ka nararapat sa ilalim ng Medi-Cal program. Maaari mo ring bisitahin ang California Department of Social Services sa https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests para sa karagdagang mapagkukunan.

**Ano Ang Mga Karapatan Ko Sa Makatarungang Pagdinig Sa Estado?**

May karapatan kang:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng hukom ng batas administratibo (tinatawag ding Pagdinig sa Estado).
- Masabihan kung paano humiling ng Pagdinig sa Estado.
- Masasabihan tungkol sa mga sinusunod na tuntunin sa representasyon sa Pagdinig sa Estado.
- Maipagpatuloy ang mga benepisyo mo sa kahilingan mo sa panahon ng proseso ng Pagdinig sa Estado kung humiling ka ng Pagdinig sa Estado sa loob ng kinakailangang timeframe.

**Kailan Ako Maaaring Maghain para sa Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Maaari kang maghain para sa Pagdinig sa Estado sa alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng paglutas na nagsasabing tinatanggihan ng mental health plan mo ang kahilingan mo sa apela.
- Hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela o pinabilis na apela.

**Paano Ako Hihiling ng Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Maaari kang huminiling ng Pagdinig sa Estado:

- Online sa: https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do
- Nang Nakasulat: Isumite ang kahilingan mo sa county welfare department sa address na nasa Paunawa sa Pagpapasiya na Salungat sa Benepisyo, o i-fax o ipadala ito sa koreo sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

O I-fax sa: **916-651-5210** o **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng Pagdinig sa Estado o ng pinabilis na Pagdinig sa Estado:

- Sa Telepono: Tumawag nang libre sa State Hearings Division sa **800-743-8525** o **855-795-0634**, o tumawag nang libre sa linya ng Public Inquiry and Response line sa **800-952-5253** o TDD sa **800-952-8349**.

**May Deadline ba ang Paghahain para sa Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Mayroon ka lamang 120 araw para humiling ng Pagdinig sa Estado. Magsisimula ang 120 araw pagkatapos mong matanggap nang personal ang abiso ng pasya sa apela ng mental health plan, o sa araw pagkatapos ng petsa na nasa abiso ng pasya sa apela ng mental health plan.

Kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo, maaari kang maghain ng Pagdinig sa Estado anumang oras.

**Maaari Ko bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Naghihintay sa Pasya ng Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng paggamot at gusto mo ipagpatuloy ang gamutan habang hinihintay mo ang pasya para sa Pagdinig sa Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig sa Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na natanggap mo ang Paunawa sa Pagpapasiya ng Salungat sa Benepisyo, o bago ang petsa na ititigil o babawasan ang mga serbisyo mo sa mental health plan. Kapag humiling ka ng Makatarungang Pagdinig sa Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Pagdinig sa Estado.

Kung hiniling mong magpatuloy ang benepisyo, at kinumpirma ng huling pasya ng Pagdinig sa Estado na bawasan o itigil ang serbisyong tinatanggap mo, maaaring kailangan mong bayaran ang gastusin sa mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Pagdinig sa Estado;

**Kailan Mapagpapasyahan ang Aking Makatarungang Pagdinig sa Estado?**

Pagkatapos mong humiling ng Pagdinig sa Estado, maaaring abutin ng hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ang kaso mo at magpadala sa iyo ng sagot.

**Maaari ba Akong Makakuha ng Makatarungang Pagdinig sa Estado Nang Mas Mabilis?**

Kung sa tingin mo ay makakasama sa kalusugan mo ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makatanggap ng tugon sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Hilingin sa doktor mo o ibang provider na magsulat ng liham para sa iyo. Maaari ring ikaw mismo ang magsulat ng liham. Dapat detalyadong ipaliwanag ng liham kung paanong ang paghihintay ng 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay malubhang makakaapekto sa buhay mo, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggana. Pagkatapos, tiyaking humiling ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang liham ng kahilingan mo para sa isang pagdinig.

Susuriin ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang kahilingan mo para sa pinabilis na Pagdinig sa Estado at magpapasya kung kwalipikado ito. Kung na-aprubahan ang kahilingan mo sa pinabilis na pagdinig, at ibibigay ang pasya sa pagdinig sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng State Hearings Division ang kahilingan mo.

## PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE)

**Ano ang Paunang Direktiba?**

May karapatan kang magkaroon ng advance directive. Ang advance directive ay nakasulat na tagubilin tungkol sa pangangalagang pangkalusugan mo na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyon na nagsasaad ng gusto mong paraan ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o nagsasabi ng mga pasya na gusto mong gawin, kung o kapag hindi ka na nakakapagsalita. Maaaring narinig mong tinawag ang advance directive bilang living will o durable power of attorney.

Inilalarawan ng batas ng California ang advance directive bilang pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalangag pangkalusugan ng isang indibidwal o isang power of attorney (nakasulat na dokumentong nagpapahintulot sa isang tao na magpasya para sa iyo). Lahat ng mental health plan ay kinakailangang mayroong mga patakaran sa advance directive. Ang mental health plan mo ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa advance directive ng mental health plan at ng paliwanag sa batas ng estado, kung hiningan ng impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang mental health plan mo para sa karagdagang impormasyon.

Dinisenyo ang advance directive para magkaroon ng kontrol ang mga tao sa sarili nilang paggamot, lalo na kapag hindi na sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa sarili nilang pangangalaga. Isa itong legal na dokumento na nagbibigay-daan sa mga tao na sabihin, nang patiuna, ang kanilang mga kagustuhan, kung hindi na sila makagawa ng mga pagpapasya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay na gaya ng karapatang tumanggap o tumanggi ng paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipili sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang advance directive:

- Ang pagtatalaga mo ng isang agent (isang tao) na magpapasya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan mo; at
- Ang indibidwal na mga tagubilin mo sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang kumuha ng form para sa advance directive mula sa mental health plan mo o sa online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga tagubilin sa advance directive sa lahat ng provider mo sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang advance directive mo anumang oras.

Kung may tanong ka tungkol sa batas ng California law kaugnay sa mga kinakailangan ng advance directive, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

**Ano ang mga Karapatan Ko Bilang Tagatanggap ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?**

Bilang isang tao na kwalipikado sa Medi-Cal, may karapatan kang makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa mental health na medikal na kinakailangan mula sa mental health plan. Kapag ina-access ang mga serbisyong ito, may karapatan kang:

- Tratuhin nang may paggalang at paggalang sa dignidad mo at pagkapribado.
- Makatanggap ng impormasyon sa mga available na mapagpipilian sa paggamot at ipaliwanag ang mga ito sa paraan na mauunawaan mo.
- Makilahok sa pagpapasya tungkol sa pangangalaga mo sa mental health, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti tungkol sa paggamit ng pagpigil at pagbubukod.
- Humiling at tumanggap ng kopya ng mga medikal na rekord mo, at humiling na baguhin o itama ang mga ito, kung kailangan.
- Makatanggap ng impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyong saklaw ng mental health plan, iba pang obligasyon ng mental health plan, at mga karapatan mo ayon sa inilarawan dito. May karapatan ka ring matanggap ang impormasyong ito at iba pang impormasyong ibinigay sa iyo ng mental health plan sa paraan na madaling maunawaan at naaayon sa American Disabilities Act. Halimbawa, nangangahulugan ito na dapit gawing available ng mental health plan ang mga nakasulat na impormasyong ito sa mga wikang ginagamit ng hindi bababa sa limang porsyento o 3,000 ng mga benepisyaryo ng mental health plan, alinman ang mas mababa, at gawing available at libre ang mga serbisyo ng interpreter para sa mga taong may ibang wika. Nangangahulungan din ito na dapat magbigay ang mental health plan ng iba't ibang materyal para sa mga taong may espesyal na pangangailangan, gaya ng mga taong hindi makakita o limitado ang nakikita, o nahihirapang magbasa.
- Makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa mental health na sumusunod sa mga kinakailangan ng kontrata nito sa estado sa mga lugar na available ang mga serbisyo, mga kasiguruhan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, pakikipag-ugnayan at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at pagpapahintulot ng mga serbisyo. Ang mental health plan ay kinakailangang:
    - Mag-empleyo o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata na may sapat na mga provider para

matiyak na napapanahon na matanggap ng lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal na kwalipikado sa mga espesyal na serbisyo sa mental health.

  - Napapanahong saklawin ang mga out-of-network na serbisyo na medikal na kinakailangan, kung ang mental health plan ay walang provider ng empleyado o kontrata na maaaring magbigay ng mga serbisyo. Ang "out-of-network na provider" ay isang a provider sa wala sa mga listahan ng mga provider ng mental health plan. Dapat tiyakin ng mental health plan na wala kang ekstrang babayaran sa pagpapatingin sa out-of-network na provider.
  - Tiyakin na sinanay ang mga provider na maghatid ng mga espesyal na serbisyo sa mental health na sinasang-ayunan ng mga provider na saklawin.
  - Tiyakin na ang saklaw na mga espesyal na serbsiyo sa mental health ay sapat ang halaga, tagal, at saklaw para matugunan ang mga pangangailangan ng mga karapat-dapat na benepisyaryo ng Medi-Cal. Kasama dito ang pagtiyak na ang sistema sa pag-apruba ng pagbabayad sa mga serbisyo ng mental health plan ay nakabatay sa medikal na pangangailangan at tinitiyak na ginamit ang pamantayan sa medikal na kinakailangan.
  - Tiyakin na ang mga provider nito ay gumagawa ng mga sapat na pagtatasa sa mga taong maaaring makatanggap ng mga serbisyo at na sila ay nakikipagtulungan sa mga taong tatanggap ng mga serbisyo upang bumuo ng mga layunin sa paggamot at mga serbisyong ibibigay.
  - Magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng mental health plan network, o sa labas ng network, nang walang karagdagang gastos sa iyo kung hihilingin mo ito.
  - Iugnay ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng managed care plan ng Medi-Cal o ng pangunahing provider mo ng pangangalaga, kung kinakailangan, at tiyaking protektado ang pagkapribado mo ayon sa tinukoy ng mga pederal na batas sa pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan.
  - Magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga, kasama ang gawing available 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo, kapag kailangan para gamutin ang isang emergency na psychiatric na kondisyon o isang apurahan o krisis na kondisyon.
  - Lumahok sa pagsisikap ng estado na himukin ang pagbibigay ng mga serbisyo sa paraang may kakayahang pangkultura, kabilang sa mga taong limitado ang kahusayan sa Ingles at iba't ibang kultura at etnikong pinagmulan.

- Ang mental health plan mo ay kinakailangan sumunod sa naaangkop na mga batas pederal at ng estado (gaya ng: Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ayon sa ipinatupad ng mga regulasyon sa 45

CFR bahagi 80; ang Age Discrimination Act ng 1975 ayon sa ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91; ang Rehabilitation Act ng 1973; Title IX ng Education Amendments ng 1972 (tungkol sa mga programa at aktibidad ng edukasyon); Mga Title II at III ng Americans with Disabilities Act); Seksyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act; gayundin ang mga karapatang inilarawan dito. Sa ibang salita, dapat kang makatanggap ng paggamot, at malaya mula sa diskriminasyon.

- Maaaring may karagdagan kang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa mental health. Kung gusto mong makipag-ugnayan sa Patients' Rights Advocate ng county mo, maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-523-7128.

**Ano ang mga Responsibilidad Ko Bilang Tatanggap ng mga Serbisyo ng mga Espesyal na Serbisyo sa Mental Health?**

Bilang tatanggap ng mga serbisyo ng mga espesyal na serbisyo sa mental health, responsibilidad mo na:

- Basahing mabuti ang handbook ng benepisyaryong ito at iba pang materyal na nabibigay impormasyon na mula sa mental health plan. Makakatulong ang mga materyal na ito na maunawaan mo kung aling mga serbisyo ang available at kung paano makukuha ang paggamot kung kailangan mo ito.
- Puntahan ang paggamot mo ayon sa iskedyul. Makukuha mo ang pinakamainam na resulta kung makikipagtulungan ka sa provider mo sa buong paggamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung hindi ka makakapunta sa isang appointment, tumawag sa provider mo nang hindi bababa sa 24 na oras na patiuna at mag-reschedule ng araw at oras.
- Palaging dalhin ang Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at Photo ID mo kapag pupunta ka sa paggamot.
- Ipaalam sa provider mo kung kailangan mo ng interpreter bago ang appointment mo.
- Sabihin sa provider mo ang lahat ng mga medikal na alalahanin mo. Kung mas maraming impormasyon tungkol sa mga pangangailangan mo ang ibabahagi mo, magiging mas matagumpay ang paggamot mo.
- Tiyaking itanong sa provider mo ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang anumang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Sundin ang mga nakaplanong hakbang sa pagkilos na napagkasunduan mo at ng provider mo.
- Makipag-ugnayan sa mental health plan kung may mga tanong ka tungkol sa mga serbisyo mo o

kung mayroon kang mga problema sa provider mo na hindi mo malutas.

- Sabihin sa provider mo at sa mental health plan kung may mga pagbabago sa personal na impormasyon mo. Kasama dito ang address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa kakayahan mong makilahok sa paggamot.
- Tratuhin ang kawani na gumagamot sa iyo nang may paggalang at kagandahang-loob.
- Iulat ang anumang hinala ng panloloko o maling gawain.
  - Hinihiling ng Department of Health Care Services ang sinumang naghihinala ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa Medi-Cal tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay emergency ito, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag na ito, at pwedeng manatiling hindi nakikilala ang tumatawag.
  - Maaari mo ring iulat ang mga hinala sa panloloko o pang-aabuso gamit ang e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx.

## PAUNAWA SA WALANG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng County ng Solano Mental Health Plan (Solano MHP) ang mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Solano MHP ay hindi hindi lumalabag sa batas at nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba dahil sa kanilang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan ng pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, estado ng pag-aasawa, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ibinibigay ng Solano MHP ang:

- Libreng tulong at serbisyo sa mga may kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas mahusay, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa ibang mga format (naka-print sa malalaking titik, braille, audio o accessible na mga electronic format)
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa mga ibang wika.

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, maaaring makipag-ugnayan sa Solano MHP 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-547-0495. O, kung hindi ka makarinig o makakita nang maayos, mangyaring tumawag sa 1-800-735-2922. Kapag hiniling, maaaring maibigay sa iyo ang dokumentong ito sa braille, naka-print sa malalaking titik, audio, o accessible na mga electronikong pormat.

## PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Kung sa tingin mo ay nabigo ang Solano MHP sa pagbigay ng mga serbisyong ito o labag sa batas na nagdidiskrimina sa iba pang paraan dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan ng pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, estado ng pag-aasawa, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa Tagapag-ugnay ng Karapatang Sibil ng Solano MHP. Maaari kang maghain ng reklamo sa telepono, nang nakasulat, nang personal, o sa elektroniko:

- Sa Telepono: Makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Karapatang Sibil ng Solano MHP sa pagitan ng 8:30 a.m. at 5:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1--800-459-9914. O, kung hindi ka makarinig o makakita nang maayos, mangyaring tumawag sa 1-800-735-292 2.
- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat ng liham at ipadala ito sa:
  Solano County Health & Social Services
  Attn: MHP Civil Rights Coordinator MS 5-250
  275 Beck Avenue
  Fairfield, CA 94533
- Personal: Bumisita sa tanggapan ng iyong doktor o sa Solano MHP at sabihing gusto mong maghain ng reklamo.
- Elektroniko: Bumisita sa website ng Solano MHP sa http://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services.asp

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES**

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights sa telepono, nang nakasulat, o elektroniko:

- Sa Telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makarinig o makakita nang maayos, mangyaring tumawag s a**711 (California State Relay)**.
- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:
  **Department of Health Care Services Office of Civil Rights**
  **P.O. Box 997413, MS 0009 Sacramento, CA 95899-7413**

  Available ang mga form ng reklamo sa: https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures
- Elektroniko: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES**

Kung sa tingin mo ay nadikrimina ka dahil sa iyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari karing maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa telepono, nang nakasulat, o elektroniko:

- Sa Telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makarinig o makakita nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

  **U.S. Department of Health and Human Services**
  **200 Independence Avenue, SW**
  **Room 509F, HHH Building**
  **Washington, D.C. 20201**

  Available ang mga form ng reklamo sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.
- Elektroniko: Bisitahing ang Portal ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf